



Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Pagkain –Mga sistemang nauukol sa pagpapabalik ng nabiling hindi ligtas na pagkain

Chapter 3 (Para sa Australya lamang) Alituntunin ng mga Pamantayan sa Australya at New Zealand kaugnay ng Pagkain

TANDAAN: Ang bagong Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Pagkain ay hindi angkop sa New Zealand. Hindi kabilang ang mga pamantayan sa kalinisan ng pagkain sa mga probisyon ng kasunduan para sa mga pamantayan sa pagkain sa Australya at New Zealand.

Sino ang nangangailangan ng tinatawag na ‘food recall system’ o sistemang pagpapabalik ng nabiling pagkain?

Ang mga pakyawang tagapagtustos, mga tagagawa, at mga importer ay nangangailangan ng ‘food recall system’. Kabilang sa mga dahilan ng pagpapabalik ng nabiling pagkain ay ang kotaminasyon ng pagkain sa pamamagitan ng baktiryang nagiging sanhi ng pagkalason sa pagkain, o ng mga kemikal o ibang bagay na maaaring magbunga ng pinsala sa sinumang makakain ng nasabing pagkain.

Kung ikaw ay isang pakyawang tagapagtustos, isang tagagawa, o isang importer ng pagkain ikaw ay kinakailangang magkaroon ng ‘food recall system’ na maari mong magamit upang makuhang muli ang mga pagkain mula sa mga pamilihan kung napag-alaman mo na ang pagkaing iyon ay nakontaminahan sa ilang paraan at magiging mapanganib na kainin matapos na maipadala mo ito sa ibang mga negosyong nauukol sa pagkain o sa iyong mga kostumer. Ang kautusang ito ay nakasaad sa Pamantayan bilang 3.2.2 Mga Gawing nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain at Pagkalahatang Pangangailangan. Ang iyong sistema ng pagpapabalik ay kailangang nakasulat at kailangang sundin mo ang nakasulat na mga pamamaraan kapag nagpapabalik ng hindi ligtas na pagkain.

Kung ikaw ay may negosyong kaugnay ng serbisyong nauukol sa pagkain o negosyong kaugnay ng pagtitinda nang tingian katulad ng supermarket, restoran o tindahan ng take away, hindi mo kailangan ang ‘recall system’ maliban lamang kung ikaw ay isa ring tagapagtustos na pakyawan, o tagagawa, o isang importer. Ang mga tagapagtustos na pakyawan, mga tagagawa, o mga importer ay may pananagutan para sa pagpapabalik ng mga pagkaing ibinenta sa mga supermarket, at mga pagkaing isinilbi sa mga restoran at tindahan ng mga takeaway ay karaniwang kinakain kaagad kaya ang pagpapabalik ay hindi praktikal.

Ngunit ang mga negosyong kaugnay ng serbisyong nauukol sa pagkain o negosyong kaugnay ng pagtitinda ng tingian ay maari ding magkaroon ng bahagi sa isang pagpapabalik mula sa ibang negosyo. Sa kasong ito may ilang partikular na pangangailangan na naaangkop sa pagkakakilanlan, pagtatago at pagtatapon ng mga ipinabalik na pagkain at mga bagay na isinauli ng mga kostumer. Ang seksyon ng fact sheet na may pamagat na ‘Disposing of recalled, unsafe, unsuitable or returned food’ o ‘Pagtatapon ng mga ipinabalik, hindi ligtas, hindi nararapat o isinauling mga pagkain’ ay may karagdagang impormasyon tungkol sa mga pangangailangang ito.

Kung minsan ang mga negosyong kaugnay ng pagkain ay nagpapasiya na ipabalik ang pagkain para sa mga kadahilanang hindi kaugnay sa kaligtasan ng pagkain, gaya halimbawa, mga pagkakamali sa pakete o marka, at maaari nilang gamitin ang ‘recall system’ upang gawin iyon, bagama’t walang legal na obligasyon para gawin nila iyon.

Ang layunin ng ‘recall system’

Ang ‘recall system’ ay kinakailangang:

- magpatigil ng higit pang pamamahagi at pagbebenta ng hindi ligtas na mga produkto sa lalong madaling panahon;
- magbigay abiso sa publiko at mga kaugnay na autoridad tungkol sa problema; at
- mahusay na maipabalik ang mga hindi ligtas na pagkain.

Mga pangunahing katangian ng isang ‘recall system’

Nararapat na kabilang sa isang ‘recall system’ ang sumusunod na pangunahing katangian:

- ang layunin ng pagpapabalik at listahan ng mga miyembro ng pangkat na kaugnay ng pagpapabalik at ang kanilang mga katungkulan;

- hanay ng mga hakbang na magiging gabay sa mga desisyon tungkol sa panganib na kaugnay ng malamang na hindi ligtas na produkto.
- hanay ng mga hakbang na magiging gabay sa mga desisyon tungkol sa saklaw ng pagpapabalik- halimbawa, nakaabot na ba ang produkto sa antas ng tingian at naibenta na ito sa mga mamimili?
- isang listahan ng mga autoridad na pagsasabihan tungkol sa pagpapabalik, halimbawa, ang Autoridad kaugnay ng Pagkain sa Australya at New Zealand (ANZFA) at ang Komonwelt at Estado o Teritoryong mga ministro na may pananagutan para sa kalusugan, kapakanang pang-mamimili at malayang pangangalakal sa mga Estado at Teritoryo kung saan ipinamahagi ang produkto;
- mga talaan kung saan ipinadala ang mga produkto, halimbawa sa mga bumibili nang pakyawan, sentrong nauukol sa pamamahagi, supermarket, ospital at restoran;
- mga talaan ng impormasyon na makatutulong sa ibang mga negosyo at sa publiko upang matukoy at maibalik ang pagkaing iyong ipinabalik, halimbawa, ang pangalan ng produkto, koda ng talansan, markang petsa, ang dahilang ng pagpapabalik, kung saan ibabalik ang pagkain at sino ang kokontakin para sa karagdagang impormasyon;
- mga pagsasaayos para makuha muli ang mga pagkaing ibinalik sa mga supermarket or iba pang mga tindahan; at
- mga pagsasaayos upang matasa ang bilang ng mga ipinabalik na pagkain na naisasauli na at kung gaano pa karami sa mga ito ang nasa pamilihan.

Mga gabay na makukuha upang makatulong sa mga pagpapabalik ng pagkain

May dalawang gabay para sa pagpapabalik ng pagkain na makukuha nang libre mula sa ANZFA.

Ang Food Industry Recall Protocol o Protokol ng Pagpapabalik para sa Industriyang nauukol sa Pagkain (kasalukuyang nirerepaso) ay makatutulong sa iyo para sa mga bagay na kinakailangang gawin sa panahon ng pagpapabalik at nagbibigay ng karagdagang detalye tungkol sa uri ng impormasyon na kailangang makabilang sa isang sistema ng pagpapabalik.

Ang Protokol ng Pagpapabalik ng Pagkain ng mga Pangkalusugang Autoridad ng Pamahalaan ay nagbabalangkas ng mga katungkulan ng pamahalaan sa kaso ng pagpapabalik ng pagkain.

Pagtatapon ng mga ipinabalik, hindi ligtas, hindi nararapat o isinauling pagkain

Kailangang tiyakin ng **lahat ng mga negosyo** na ang anumang pagkain na ipinabalik ay itinatahi, malinaw na minamarkahan at inihihwalay sa ibang pagkain. Ito ay upang maiwasan ang hindi sinasadyang pagbebenta ng nasabing pagkain. Kailangan mong itabi at ihwalay ang pagkaing ito hanggang sa matanggap mo ang mga instruksiyon mula sa kompanya na nagpapabalik nito, na nagsasabi kung ano ang iyong gagawin sa mga iyon, kung ito ang pagkaing iyong ipinabalik, hanggang sa ikaw ay magdesisyon na itapon ito.

Kailangan pa ng karagdagang impormasyon?

Ang mga kopya ng mga patakaran, mga gabay para dito at ibang pang fact sheet at tulong na mga materyal ay maaaring makuha mula sa website ng ANZFA (www.anzfa.gov.au). Sa dahilang ang mga pamantayan ay ipapatupad sa bawat Estado at Teritoryo, ang mga negosyong nauukol sa pagkain ay maaaring humingi ng payo nang direkta mula sa mga Opisyal para sa Kalusugang Pangkapaligiran sa kanilang lokal na konseho o mula sa kanilang pang-Estado o pang-Teritoryong kagawaran ng kalusugan o serbisyong pangkalusugan at mga Yunit kaugnay ng Pampublikong Kalusugan.

Ang mga detalye ng pagkontak para sa Estado at Teritoryong mga kagawaran ng kalusugan at mga lokal na konseho ay kabilang sa isang hiwalay na fact sheet na may pamagat na Food Safety Standards – Sources of information & advice o Mga Pamantayang nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain – Mapagkukunan ng impormasyon at pagpapayo.

Australia New Zealand Food Authority
P O Box 7186
Canberra MC ACT 2610
Tel: 02 6271 2222 Fax: 02 6271 2278

Website: www.anzfa.gov.au
Email: advice@anzfa.gov.au
Advice Line: 1300 652 166

Australia New Zealand Food Authority
P O Box 10559
Wellington NZ 6036
Tel: 04 473 9942 Fax: 04 473 9855

Website: www.anzfa.govt.nz
Email: nz.reception@anzfa.gov.au
Advice Line: 0800 441 571